**Reiwa 5(taon 2023)　Patnubay sa Pagpasok sa Mataas na Paaralan(High School) para sa mga Mag-aaral at Magulang na hindi Nihonggo ang pangunahing wika**

Reiwa 6(Simula sa Abril 2024) Iskedyul ng Entrance Examination sa Prefectural High School

Reiwa 6(taon 2024)

Pebrero ; 7(Miyerkules) Pagsusumite ng application form, exam permit, at iba pa (kung kailangang ipadala sa koreo)

8 (Huwebes)　9:00 ng umaga ~ 4:30 ng Hapon
9 (Biyernes)　9:00 ng umaga~ 12;00 ng Tanghali
} re ng application form, exam permit (sa tanggapan ng paaralan)

14 (Miyerkules) 9:00 ng umaga ~ 4:30 ng Hapon
15 (Huwebes)　9:00 ng umaga ~ 4:00 ng Hapon
} Maaaring baguhin ang paaralan subalit ito ay isang beses lamang

21 (Miyerkules) Akademyang pagsusulit (Academic Test)

22(Huwebes)　Praktikal na pagsusulit (Practical aTest)(interbyu sa ibang paaralan)



Marso

1 (Biyernes) Pag-aanunsyo sa pagpasa,pagtanggap(admission)sa mga aplikante (9:00 web ,10:00 bulletin board ng bawat paaralan)

4(Lunes) Akademyang pagsusulit (Academic Test)

Para sa mga estudyanteng hindi nakaranas ng lahat ng mga paksa dahil sa influenza at iba pa.

Mangyaring suriin ang detalye para sa pamantayan ng pagpili para sa mga naka-enrol na mag-aaral at High School Homepage at iba pa.

6 (Miyerkules)　9:00 ng umaga　Pagpapahayag ng mga pumasa sa kumuha ng pagsusulit sa ikalawang pagkakataon

※Kung hindi naabot ng mga paaralan ang bilang ng pumasang mag-aaral na kanilang kailangan ,sa unang pagsusulit,magkakaroon

| Mga Tanong | | Saan | Kontak para sa mga Impormasyon | pahina |
|---|---|---|---|---|
| Entrance examination at Orientation ng bawat paaralan | Paaralang Pampubliko | Sentro ng Pangkalahatang Edukasyon ng Prepektura ng Saitama | Telepono:０４８－５５６－２４３９<br>Email:p7412216@pref.saitama.lg.jp<br>Webpage：https://www.center.spec.ed.jp/nyuushi | ⇒ p２ |
| | | Kagawaran ng Edukasyon ng Prepektura ng Saitama<br>Management Division for High School Education | Telepono:０４８－８３０－６７６６<br>Email:a6760@pref.saitama.lg.jp<br>Webpage：<br>https://www.pref.saitama.lg.jp/f2208/r6nyuushi-jouhou.html | |
| | Pribadong Paaralan | (isa sa mga asosyon)<br>Asosasyon ng Pribadong Junior at Senior High School sa Prepektura ng Saitama | Webpage：https://saitamashigaku.com/ | |
| Estudyanteng hindi nagtapos sa Japan mula junior high school | | Kagawaran ng Edukasyon ng Prepektura ng Saitama<br>Human Resource Dept. for Prefectural School<br>Sangay ng Academic Affairs<br>(Kenritsu gakkou jinji-ka) Namumuno sa gawaing pang-akademiko | Telepono:048−830−6735<br>Webpage:http://www.pref.saitama.lg.jp/f2207/nyugakusya-senbatsu/kaigai.html | ⇒ p３ |
| Tungkol sa suporta sapag-aaral at iba pa | | Kagawaran ng Edukasyon ng Prepektura ng Saitama<br>Sangay ng Financial Affairs (Zai-muka) | Mga bayarin sa pagpasok sa Mataas na paaralan ng Prepektura ng Saitama matrikula at sistema ng suporta<br>Telepono：０４８−822-5670<br>Webpage:https://www.pref.saitama.lg.jp/f2204/j-s | ⇒ p４ |
| | | Kagawaran ng Pangangasiwa ng Prepektura ng Saitama (Gakujika)<br>Help Desk para sa Tulong Pangmatrikula | 「Sistema ng pagtulong sa mga magulang ng mga estudyante ng pribadong paaralan」<br>Telepono：０４８－８３０－２７２５<br>(※ 048-826-6711　simula　Hulyo 22 hanggang Nobyembre 29 .<br>Webpage:http://www.pref.saitama.lg.jp/a0204/fubofutan2.html | |
| Tungkol sa sistema ng paaralan sa Japan | | Ministri ng Edukasyon | 「Gabay para sa mga dahuyang estudyante na papasok sa paaralan dito sa Japan」<br>Webpage:http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/clarinet/003/1320860.htm | |
| Impormasyon para sa banyagang mag-aaral | | Kagawaran ng Edukasyon ng Prepektura ng Saitama<br>Guidance Division para sa Tungkulin ng Pag-aaral | 「Suporta para sa mga dayuhang estudyante」<br>Webpage:http://www.pref.saitama.lg.jp/f2214/kikokugaikokujnsapoutojigyou240120.html | |
| Tungkol sa pag-aaral ng Wikang Hapon | | (pampubliko) Saitama International Association<br>Saitama Information and Support | Telepono：０４８－８３３－２９９２ (Secretariat)<br>０４８－８３３－３２９６ (Counseling Center)<br>Webpage：http://www.sia1.jp/foreign/_guidance | |

タガログ語　Tagalog

# 1 Ano ang Mataas na Paaralan(High School) sa Sistema ng Edukasyon sa Japan?

Ito ay 3-4 taong pag-aaral pagkatapos ng junior highschool,kinakailangan makapasa ka sa entrance examination upang maipagpatuloy ang pag-aaral,at kailangan din mag-aral ng mabuti upang maipagpatuloy at makapagtapos ,marami ding mga iba' t ibang gawain (activities) dito katulad ng isa o dalawang araw na field trip, araw ng palaro,pyesta sa paaralan at marami pang iba
Tingnan ang tsart para sa detalye

| 6 na taon gulang～ | 12 na taon gulang～ | 15 taon gulang pataas | |
|---|---|---|---|
| Mababang paaralan (6 na taon) ⇒ | Junior High School (3 na taon ) ⇒ | High School (3 hanggang 4 na taon) Tingnan sa tsart sa baba ⇒ | Kolehiyo at Iba pa |

※Ipinanganak ng Abril hanggang Marso ng sunod na taon at magkakaklase

## 2 Uri ng Paaralan

(1) Paaralang Pampubliko

| | | Araw ng pasok/Oras | Oras ng pag-aaral sa isang araw | Taon ng pagtatapo | Kurso |
|---|---|---|---|---|---|
| Full time School | | Karaniwan<br>Lunes hanggang Biyernes<br>8:40 ng umaga ～3:40 ng hapon | 6 na oras ng klase at club activities | 3 na taon | Comprehensive Course<br>Vocational Course (※１)<br>Integrated Course (※２) |
| Part time school | Evening Classes | Karaniwan<br>Lunes hanggang Biyernes<br>5:30 ng hapon hanggang 9:00 ng gabi | 4 na oras ng klase, club activities at school meal | 4 na taon | Comprehensive Course<br>Vocational Course<br>Integrated Course |
| | 3 uri ng kurso | I Kursong Pang-umaga,<br>II Kursong Pang-hapon,<br>III Kursong Pang-gabi | 4 na oras na klase (Ang Klase ay maari ring ipagsama-sama sa ibang Kurso)<br>Club activities,<br>School meal | 3～4 na taon | Integrated Course<br>Comprehensive Course (unit system) (※３) |
| | 2 uri ng kurso | I Kursong Pang-umaga・hapon<br>II Kursong Pang-hapon・gabi | | | |
| | | I Kursong Pang umaga・hapon<br>II Kursong Pang gabi | | | |
| Correspondence Course | | Sa isang buwan, 2-3 beses lamang na papasok o pupunta sa paaralan | Ang pag-aaral ay gagawin sa bahay at isumite lamang ang nagawang report | | Comprehensive Course |

(※１) Ang Vocational Courses ay mayroong Agricultural,Technical,Commercial at Foreign Language
(※２) Sa Integrated Course, bukod sa kinakailangang mga subjects ay maaring pumili pa ng iba pang subjects na pang-comprehensive o vocational.
(※３) Ang pag-aaral ay sa paraan ng unit system. Maari kang pumili ng Kursong pag-aaralan - Comprehensive o Vocational Courses tulad ng Welfare, Business, International Culture Studies, Natural Science.

(2) Pribadong Paaralan (Paaralan maliban sa Paaralang Pampubliko ng HS)
Mayroong Full time Schooling,at Correspondence Courses
Magkakaiba ang patakaran ng bawat paaralan kaya kailangan sumangguni.sa Website
(https://www.pref.saitama.lg.jp/a0204/shiritsuitiran/koukou24.html)

## 3 Mga Pagpupulong sa Paaralan

Ang bawat paaralan ay may kani-kaniyang orientation. Bago magpasiya kung saang paaralan balak kumuha ng pagsusulit ipinapayo na dumalo sa mga pagpupulong upang makita at makapagtanong kung merong katanungan. Mayroon ding orientation kung saan pinagsama-sama ang iba' t ibang paaralan.(Maaaring magbago ang iskedyul.)

Para sa araw ng school orientation, makipag-ugnayan sa bawat paaralan o sa Sentro ng Pangkalahatang Edukasyon ng Prepektura ng Saitama (kung papasok sa public high school). Ang mga araw ng school orientation ay makikita din sa webpage ng nasabing Sentro. (https://www.center.spec.ed.jp/nyuushi)

## 4　Pagsusulit (Entrance Examination)

| | |
|---|---|
| Kuwalipikasyon | ① Ang sinumang nagtapos ng junior high school sa Japan o sa ibang bansa o ang sinuman na magtatapos sa Marso ng taong 2023/Reiwa 5.<br>② Ang sinumang itinuring na hindi nagtapos ng junior high school subalit may kakayahang akademiko na katumbas ng nakatapos.<br>※Ang hindi nakatapos ng junior high school sa Japan ay kinakailangan na kumuha ng "Qualification Certificate" (*Shutsugan Shikaku Nintei*)<br>Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang nakasulat sa" Section 5：Ang mga hindi nakatapos ng pag-aaral ng Junior High School sa Japan" |
| Paaralan kung saan gaganapin ang gsusulit | Lahat ng paaralan na may full-time schooling system at evening classes |
| Kapasidad | Ang kapasidad ng mag-aaral na kakailangin ay nag-iiba sa bawat paaralan |
| Kinakailangan na mga dokumento※ | Application Form, Entrance Examination Permit, School Report, Transcript of Records at iba pa<br>※Kung nag-aaply sa paaralan na gumagamit ng electronic application、suriin kung aano a ang pag-aaply sa bawat paaralan．Makikita sa Homepage ng Prefectural Education ureau H High School Guidance Division ang listahan ng mga paaralang gumagamit nito. |
| Nilalaman ng Pagsusulit | ① Paaralang nagbibigay ng Akademiko na pagsusulit lamang (Japanese, Math, Social Studies, Science, English)<br>② Paaralang nagbibigay ng Akademiko na Pagsusulit at Interbyu<br>③ Paaralang nagbibigay ng Akademiko na Pagsusulit at Praktikal na Pagsusulit<br>※Ang mga pagsusulit na ito' katulad din ng mga ibinibgay sa mga mag-aaral na Hapones Tingnan sa "Section6: Piling paraan para sa mga hindi Hapones" |

※Kung nais kumuha ng pagsusulit sa pribadong paaralan, alamin ang detalye sa bawat paaralan.

## 5　Para sa mag-aaral na hindi nagtapos ng junior high school sa Japan

**Para sa mga nagbabalak na pumasok sa paaralang pampubliko (HS na pamamahala ng Prepektura・at pamamahala ng Munisipalidad) kinakailangan kumuha ng 「Qualification Certificate」(*Shutsugan Shikaku Nintei*)**
Humingi ng payo sa Kagawaran ng Edukasyon ng Saitama, Prefectural School Management and Personnel Division ng Paaralang Pampubliko ng Prepektura (Kenritsu Gakkou Jjinji-ka),Namumuno sa gawaing pang-akademiko bago isagawa ang aplikasyon.
※Para sa mga kukuha ng pagsusulit sa pribadong HS, magtanong at alamin ang patakaran sa bawat paaralan.

Mga dokumento na kinakailangan isumite

| | | |
|---|---|---|
| 1 | Pagtanggap ng aplikasyon ng mga estudyanteng nagnanais na mag-aral sa pampublikong paaralan ng HS sa Prepektura ng Saitama sa taong 2024/Reiwa 6 | Humingi ng application form mula sa Prefectural School Management and Personnel Division Kenritsu Gakkou Jinji-ka ,Namumuno sa gawaing pang-akademiko. Ang form na ito ay maari ring i-download sa homepage. |
| 2 | Katibayan ng ang estudyante at ang magulang ay magkasamang naninirahan sa Prepektura ng Saitama<br>※Magkakaiba ang mga dokumento na isusumite depende sa uri ng bahay na tinitirhan | ①Sariling bahay：Kopya ng Rehistro ng Bahay<br>②Nakatira sa Pampublikong Pabahay: Kopya ng kontrata, Katibayan ng Paninirahan at iba pa<br>Pabahay sa pamamahala ng siyudad ⇒makukuha sa City Hall<br>Pabahay sa pamamahala ng Prepektura ⇒Sa bawat sangay ng Asosasyon ng Pabahay sa Prepektura ng Saitama(Jutaku kyokyu kousha)<br>③ Nakatira sa apartment o mansion: Isang kopya ng kontrata ng pangungupahan. |
| 3 | Katibayan na nagtapos mula sa paaralan sa ibang bansa | Katulad ng Diploma o Report Card |

## 6　Para sa mga banyagang mag-aaral

Ang mga sumusunod na 12 na paaralan ay mga nagbibigay ng pagsusulit sa mga mag-aaral na panandalian lamang maninirahan sa Japan.

Mga paaralang nagbibigay ng naiibang pagtatangi sa mga banyagang mag-aaral
Iwatsuki HS (Comprehensive・Foreign Culture)、Kawaguchi Higashi HS (Comprehensive)、 Kawagoe Nishi HS (Comprehensive)、Kurihashi Hokusai HS (Comprehensive)、Soka Minami HS (Comprehensive・Foreign Language)、Niiza Yanase HS (Comprehensive)、Nanryo HS (Comprehensive・Foreign Language)、Fukaya Daiichi HS (Comprehensive)、Misato Kita HS (Comprehensive)、Menuma HS (Comprehensive)、Wako Kokusai HS (Comprehensive・Foreign Language)、Warabi HS (Comprehensive・Foreign Language)

・Ang sinumang maninirahan sa Japan sa loob ng 3 taon (hanggang ika-1 ng Pebrero 2024/Reiwa 6)
・Ang sinumang naninirahan sa Prepektura ng Saitama na kasama ang mga magulang o kaya sinumang nagbabalak na manirahan sa Saitama hanggang ika-31 ng Marso 2024/Reiwa 6

(2) Pagsusulit (Math / English) at interbyu

※Subalit kapag hindi pumasa sa pamantayan, maari ring mabigo kahit kaunti lamang ang kumuha ng pagsusulit

※Ang examination ay katulad din ng Pamantayan pagsusuri sa sulat ng FURIGANA at na may kasamang KANJI at sa salitang Hapon ang pagtatanong.

## 7 Matrikula

(1) Mga gastusin na kakailanganin sa pagpasok sa high school

| | Pampublikong Paaralang | | Pribadong Paaralan |
|---|---|---|---|
| | Full time Schooling system | Klase na pang gabi | Full time Schooling system |
| Entrance examination Fees | ¥2,200 | ¥950 | mga nasa ¥24,000 (average) |
| Enrollment fees (※1) | ¥5,650 | ¥2,100 | mga nasa ¥236,000 (average) |
| Matrikula (※1) | ¥118,800 sa 1 taon | ¥32,400 sa 1 taon | Isang taong babayaran ¥391,000(average) |
| Mga gamit na kailangang bilhin bago pasukan (※2) | 「uniform」 「textbooks」 「P.E. uniform」 [tablet terminal}ay nagkakahalaga ng ¥110,000～¥140,000 | | Kadalasan mas mahal kaysa sa pampublikong paaralan |
| Iba pang gastusin (※2,3) | Nasa ¥10,000～¥20,000 sa isang buwan | humigit-kumulang sa ¥5,000 sa isang buwanan | Kadalasan mas mahal kaysa sa pampublikong paaralan (※４) |
| Tanghalian | Walang tanghalian | Humigit-kumulang sa ¥50,000 sa isang taon | Walang tanghalian |
| Kabuuan sa loob ng isang taon | Enrollment ¥50,000 Isang taon ¥300,000～¥450,000 | Enrollment ¥20,000 Isang taon ¥200,000 | Nag-iiba ang halaga ng bayarin depende sa paaralan. Mangyaring makipag-ugnayan sa bawat paaralan. |

(※１) Ang bayarin ay maaaring magkaroon ng pagbabago sa Pampublikong eskwelahan ,makipag-ugnayan sa tinitirhang Munisipyo

(※2) May mga pagkakaiba ang mga bibilhin at bayarin depende sa paaralan. Mayroon paaralan na nagpapahiram ng tablet terminal,Komunsulta lamang sa paaralan

(※3) Ang iba pang mga gastusin ay PTA membership fee, contributions, Student Councilfee, school materials, pag-iipon para sa school excursion at iba pa

(※4) Ang mga Pribadong eskwelahan ay mangangailangan ng karagdagang bayarin (bayad sa pasilidad) humigit kumulang ay aabutin ng 208,000 yen.

(2) Eksempsyon sa babayaran na entrance fee

May mga paraan din ng pagbibigay ng eksempsyon sa bayaran sa entrance fee at membership fee. Makipag-ugnayan sa guro ng Mataas na paaralan bago pumasok o sa lalong madaling panahon pagkatapos ng unang araw ng pasukan.

## 8 Suporta sa Pag-aaral at iba pa

Sa pagpasok sa mataas na paaralan ay mayroong sistema sa pagtulong pinansyal.
Una, kailangang bayaran at pangalawa, ay hindi na kinakailangang bayaran.
Pagbabasehan ang katunayan ng kita(income) ng sambahayan at ang rekomendasyon ng paaralan.

(1) Libreng Pag-aaral (Scholarship) (hindi na kinakailangang bayaran ang anumang tinanggap na pera)

- Suportang pondo para sa Mag-aaral ng High School (para sa mga mag-aaral ng publiko at pribadong High School, at iba pa)
- Tulong sa mga magulang ng mga Mag-aaral sa Pribadong paaralan (mga mag-aaral at magulang na nakatira sa Saitama. nararapat na sa pribadong High School ng Saitama mag-aaral)
- Tulong para sa mga Mag-aaral na Pampublikong Paaralan (kinakailangang sa Saitama Prefecture naninirahan ang mga magulang at mag-aaral sa pampublikong paaralan)
- Scholarship na benepisyo katulad ng sa Saitama High School (mga mag-aaral na ang mga magulang ay naninirahan sa Saitama Prefecture )

(2) Students Loan (pahiram na pera sa mag-aaral) kinakailngang bayaran lahat ang tinanggap na Pera)

- Programa ng Saitama Prefecture na Pagpapautang sa mga Mag-aaral sa Senior High School (Kinakailangang nakatira ang mga Magulang sa Saitama)

(3) Iba pang Student loans at Scholarships

Mayroon Munisipalidad na nagbibigay ng scholarship. Makipag-ugnayan sa munisipyo ng inyong lugar.

Issued by:International Division, Department of Public Services,
Saitama Prefectural Government Phone: 048-830-2714